


# Health

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Mga Negatibong Epekto sa Hindi-inaasahang Pagbubuntis



**Health – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Mga Negatibong Epekto sa Hindi-inaasahang Pagbubuntis  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na nag handa ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Nikka Kaye G. Quirante

**Editors:** Meldrid R. Delleva, Don Bernardo L. Gapasin

**Tagasuri:** Lolita O. Caspe, Nelsie T. Abordo

**Tagaguhit:** Roberto P. Yodico

**Tagalapat:** Teodmhar P. Magno, Lee Marjorie L. Zaldivar, Arielyn Mae A. Gudisan

**Tagapamahala:** Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane  
Rosemarie M. Guino  
Joy B. Bihag  
Ryan R. Tiu  
Nova P. Jorge  
Carmelino P. Bernadas  
Rey F. Bulawan  
Nicolas G. Baylan  
Neil G. Alas  
Imelda E. Gayda  
Abelardo G. Campani

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 323-3156

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# Health

## **Ikalawang Markahan – Modyul 4: Mga Negatibong Epekto sa Hindi-inaasahang Pagbubuntis**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

“Tamang kaalaman ang kailangan upang maiwasan ang hindi inaasahan.” Ang kasabihang ito ay nagsasaad na nararapat na malaman ng bawat isa sa atin ang tamang proseso at tamang pag-iingat sa parte ng buhay kung saan nangyayari ang pakikipagtalik. May mga bagay na hindi napipigilan at nangyayari na lamang. Kaya naman nararapat na pagaralan at bigyang pansin ng mag-aaral na katulad mo ang ganitong mga usapin upang hindi dumating sa buhay ang mga bagay na hindi inaasahan.

Sa modyul na ito ay inaasahang:

1. Matatalakay ang mga negatibong epektong pangkalusugan ng maaga at di planadong pagbubuntis; at
2. Nasasabi ang mga paraan upang maiwasan ng maaga ang di pinaplanong pagbubuntis (**H5GD-Igh-8**).



## **Subukin**

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) ang patlang bago ang pangungusap kung ito ay nagpapakita ng negatibong epektong pangkalusugan ng hindi inaasahang pagbubuntis. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Natigil sa pag-aaral si Jane dahil walang magbabantay sa kanyang anak.
- \_\_\_\_\_ 2. Masayang tinanggap ng mga magulang ni Merlyn nang malamang buntis siya sa edad na 15.
- \_\_\_\_\_ 3. Iniwasan siya ng kanyang mga kaibigan nang malamang siya ay buntis.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang sanggol na ipinapanganak ni Rose ay kulang sa timbang at sakitin.
- \_\_\_\_\_ 5. Iniwan si Nena ng nobyo nito nang malamang buntis siya.
- \_\_\_\_\_ 6. May sakit na chronic respiratory disease ang anak ni Lina pagkapanganak nito.
- \_\_\_\_\_ 7. Nalulon sa depresyon si Claire nung malamang nagdadalang tao siya sa edad na 16.
- \_\_\_\_\_ 8. Masayang binati ng mga kapitbahay si Sheila nung malamang buntis ito sa kanyang nobyo.
- \_\_\_\_\_ 9. Naglayas si Kenneth kasama ang nobya nito sa probinsya.
- \_\_\_\_\_ 10. Problemado ang mga magulang dahil sa gastos sa panganganak.

**Aralin****1****Mga Negatibong Epekto sa Hindi-inaasahang Pagbubuntis**

Nararapat na matutunan ng bawat kabataan kung paano maiiwasan ang tinatawag na “teenage pregnancy” o ang maagang pagbubuntis ng wala pa sa wastong edad at wala pang kakayahan na buhayin ang isang pamilya. Isa rin ito sa maraming dahilan kung bakit tumitigil sa pag-aaral ang mga kabataan at hindi makahanap ng wastong trabaho.

Ang pakikinig sa payo ng magulang, pakikinig sa leksyon ng guro sa paaralan, at hindi pakikipagtalik ay mga paraan upang maiiwasan ang di-inaasahang pagbubuntis. Ngunit may mga bagay na hindi napipigilan at nangyayari na lamang. Kaya naman nararapat lamang na pag-aralan at bigyang pansin ang ganitong bagay para sa mas mabuting kahihinatnan ng buhay ng bawat kabataan.

***Balikan***

**Panuto:** Piliin ang tsek (✓) kung tama ang pangungusap at ang ekis (x) kung hindi tama ang pangungusap. Isulat lamang ang sagot sa sagutang papel.

- / x Sumunod sa payo ng mga magulang.
- / x Sumama sa mga masamang barkada.
- / x Makinig sa leksyon at paalala ng guro.
- / x Manuod ng malalaswang pelikula.
- / x Huwag uminom ng alak.



## ***Tuklasin***

**Panuto:** Isulat ang NE kung ito ay nagsasaad ng negatibong epekto at PE kung positibong epekto. Isulat lamang ang sagot sa sagutang papel.

1. Nahihinto sa pag-aaral kapag nalaman ng magulang na buntis ang kanilang anak.	
2. Ang mga kababaihan ay inaabandona ng kanilang nobyo kapag nalaman na buntis ito.	
3. Malugod na tinanggap ng mga magulang ang kanilang anak sa maagang pagbubuntis.	
4. Pagbaba ng kalidad ng kalusugan ng ina at sanggol.	
5. Kadalasan sa mga sanggol ng batang ina ay ipinapanganak na kulang sa timbang at sakitin.	



## ***Suriin***



Ayon sa World Health Organization (WHO), taon-taon nasa 21 milyong batang babae na nasa edad 15 hanggang 19 gulang ang nabubuntis at 12 milyon sa kanila ang nakakapanganak bawat taon. Mga 95% ng mga kapanganakang ito ay nangyayari sa mga bansang may mababang o katamtamang kita. Ang nakababahalang pagtaas ng bilang ng maagang pagbubuntis sa Pilipinas ay nag-uugat sa kasalukuyang estado ng ating ekonomiya at edukasyon.

Sa datos ng POPCOM, lumalabas na nadagdagan ng 63 porsiyento ang bilang ng mga nabubuntis mula edad 10 hanggang 14 anyos mula taong 2010 hanggang 2018. Ang problema, ayon sa POPCOM, hindi nakararating ang family planning service sa maraming Pilipino, lalo na sa mga menor de edad.

Malaki ang maitutulong ng tamang paggabay ng mga magulang sa bata, ika nga “*Education begins at home*”. Ang pangaral na nakukuha sa magulang o guro ay makakatulong upang maiwasan ito.

Malaki ang tsansa ng pagkakaroon ng negatibong epekto ang hindi inaasahan at maagang pagbubuntis. Ilan sa mga ito ang mga sumusunod:

### **Mga Negatibong Epekto ng Pangkalusugan ng Maaga at Di-planadong Pagbubuntis**

1. Maraming suliranin dulot ng maagang pagbubuntis sa magulang, pamilya at sa mga bata. Dahil sa hindi handang katawan at kakulangan sa kaalaman ng kabataang ina ay malaki ang magiging posibilidad na magkakaroon ng *premature birth* o maagang panganganak ng wala sa wastong bilang ng buwan ang sanggol.
2. Maari ring makakuha ng mga sakit sa maagang pagbubuntis katulad ng (*chronic respiratory diseases at body impairments*). Higit lalo ang STD o *sexually transmitted disease* na nakukuha sa pakikipagtalik ayon kay Dr. Bles Salvador.
3. Ang maagang pagbubuntis ay maaring magdudulot ng pagtigil ng kabataan sa pag-aaral.
4. May ilang pagkakataon na dahil sa hindi sinasadyang at di-planadong pagbubuntis ay nangyayari ang aborsiyon o pagpalaglag ng sanggol. Ito ay bawal at tinuturing na krimen sa ating batas. Ito rin ay mapanganib sa kalusugan.
5. May mga batang ina na nagpapakamatay dahil sa depresyon at hindi pagtanggap ng kanilang mga magulang.
6. Kadalasan sa mga sanggol ng mga batang ina ay ipinapanganak na kulang sa timbang o sakitin.
7. Ang batang ina ay kadalasang nagkakaroon ng postpartum hemorrhage o malubhang pagdurugo pagkapanganak.

### **Kung Tayo ay Nasa Tamang Edad, Narito ang mga Pamamaraan upang Maiwasan ang Di-planadong Pagbubuntis**

Kung ikaw ay nasa tamang edad na, mainam na malaman mo kung paano makakaiwas sa maagang pagbubuntis. Habang maaga, maging alerto na sa mga posibilidad na mangyari ito.



- Sapat na kaalaman tungkol sa family planning at contraceptives – kabilang dito ang paggamit ng *birth control pills* o *condom*, at iba pang pangkontra sa pagbubuntis.
- Pagtibayin at siguraduhing buo ang relasyon ng kabataan sa kanilang pamilya. Kabilang na dito pagtutok sa kaniyang pag-aaral.
- Paigtingin ang kaalaman sa *sexuality education* at kung gaano kahalaga ito bilang indibidwal. Ito rin ay makakatulong upang makaiwas na masuong sa *pre-marital sex*.
- Ang patnubay at gabay ng iyong magulang sa iyong araw-araw na gawain ay napakahalaga.
- Ituon ang lakas at oras sa pag-aaral at pagtupad sa mga pangarap o pakikilahok sa mga gawaing mapanlikha at produktibo sa loob ng ekwelahan o komunidad. Mas makabubuting iwasan din ang maagang pakikipagrelasyon.
- Iwasan ang panonood sa internet/social media na maituturing na *pornographic materials* at mga may temang *sex*.
- Pag-usapan ang mga pangarap sa buhay upang matuon ang pansin sa pagkamit nito.
- Kung kinakailangan, makipag-usap o humingi ng payo sa mga propesyonal o pinagkakatiwalaang taong may alam sa usaping sekswalidad at kalusugan.



## ***Pagyamanin***

**Panuto:** Magtala ng 3 isyu/usapin sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata na iyong naranasan o nararanasan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_



## Isaisip

**Panuto:** Sa inyong sagutang papel, isulat sa bawat bilang ang angkop na salita sa patlang upang mabuo ang diwa ng pangugusap. Pumili ng sagot mula sa panaklong.

1. Ang \_\_\_\_\_ ay isang sakit na nakukuha sa pakikipagtalik.  
(*sexually transmitted disease, amoebiasis, fever and flu*)
2. Ang pagtigil sa pag-aaral, pagpapakamatay dahil sa depresyon at hindi pagtanggap ng kanilang magulang ay ilan lamang sa epekto ng \_\_\_\_\_.  
(*di-planado at maagang pagbubuntis, pag-aasawa, pakikipagrelasyon*)
3. Ang pagsilang ng maaga kaysa sa normal na paglabas ng sanggol ay \_\_\_\_\_.  
(*postpartum hemorrhage, premature birth, anemia*)
4. Ang payo ng \_\_\_\_\_ ay napakahalaga upang maiwasan ang maagang pagbubuntis.  
(*kaibigan, nobya/noby, magulang*)
5. Ang sapat na kaalaman tungkol sa \_\_\_\_\_ ay makatutulong upang maiwasan ang maaga at di planadong pagbubuntis.  
(*pakikipagrelasyon, family planning at contraceptives, internet at social media*)



## Isagawa

**Panuto:** Pag-ugnayin ang mga salita sa **Hanay A** at **Hanay B**. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

**A**

**B**

- |                                                                                                                                                                                                                                           |                                                                                                                                             |
|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <p>___ 1. Kung saan pansamantalang natigil sa pagkamit ng pangarap dahil sa maagang pagbubuntis.</p> <p>___ 2. Pagkakaroon ng nakakahawang sakit sanhi ng pakikipagtalik.</p> <p>___ 3. Nararanasang emosyonal sa batang nagbubuntis.</p> | <p>a. Respiratory Diseases</p> <p>b. Pagpapabaya sa anak</p> <p>c. <i>Premature birth</i></p> <p>d. <i>Sexually transmitted disease</i></p> |
|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|

\_\_\_ 4. Isinisilang nang maaga kaysa sa normal o pangkarinawang buwan ng paglabas ng sanggol.

e. Paghinto sa pag-aaral

\_\_\_ 5. Ang mga anak ay hindi nakakakain nang wasto at hindi nakakapag-aral dahil sa kakulangan sa kaalaman.

f. Depresyon



## **Tayahin**

**Panuto:** Isulat ang TAMA kung ang pangungusap ay totoo at MALI kung hindi. Sagot lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ang pag-inom o paglalasing ng mga kabataan ay may masamang naidudulot.
2. Pagtangi sa pre-marital sex
3. Mas mabuting mag-asawa nang maaga upang magkaroon ng maraming anak.
4. Iwasan ang panunuod o pagbabasa ng malaswa.
5. Ang maagang pagbubuntis ay nagdudulot ng depresyon sa mga kababaihan.
6. Nagiging emosyonal ang babae kung nagbubuntis.
7. Ang pagbubuntis nang maaga ay nakakasagabal sa iyong mga pangarap.
8. Ang premature birth ay ang normal na paglabas ng sanggol.
9. Ang sexually transmitted disease o STD ay maaaring makuha sa pakikipagtalik.
10. Makinig sa payo ng mga magulang at ng guro upang maiwasan ang maagang pagbubuntis.



## **Karagdagang Gawain**

**Panuto:** Piliin sa kahon ang mga bagay na makakabuti sa iyong kapakanan at maiwasan ang maagang pagbubuntis. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

Maaaring magkarelasyon sa murang edad.  
Huwag laging makikinig sa masamang udyok ng kaibigan.  
Iwasan ang mga bisyo.  
Kawalan ng tamang kaalaman sa sekswalidad  
Pumili ng maayos na babarkadahin o kakaibiganin.  
Magkaroon ng malawak na pag-unawa sa sekswalidad sa tulong magulang, guro at eksperto.



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>Subukin</b></p> <p>1. ✓ 2. X 3. ✓ 4. ✓ 5. ✓ 6. ✓ 7. ✓ 8. X 9. ✓ 10. ✓</p>	<p><b>Balikan</b></p> <p>1. ✓ 2. X 3. ✓ 4. X 5. ✓</p>	<p><b>Tuklasin</b></p> <p>1. NE 2. NE 3. PE 4. NE 5. NE</p>
<p><b>Pagymanin</b></p> <p>Maaring mag iba-iba ang sagot.</p> <p><b>Isaisip</b></p> <p>1. sexually transmitted disease 2. di planado at maagang pagbuntis 3. premature birth 4. magulang 5. family planning at</p>	<p><b>Karagdagang Gawain</b></p> <p>Maaring mag iba-iba ang sagot.</p> <p><b>Isagawa</b></p> <p>1. e 2. d 3. f 4. c 5. b</p>	<p><b>Tayahin</b></p> <p>1. T 2. T 3. M 4. T 5. T 6. T 7. T 8. M 9. T 10. T</p>

## ***Sanggunian***

Department of Education. 2018, Gabay sa Pagtuturo sa Health 5 Yunit 2, Mga Negatibong Epekto sa 'Di-inaasahang Pagbubuntis

Department of Education. 2018, Kagamitan ng Mag-aaral sa Health 5 Yunit 2, Mga Negatibong Epekto sa 'Di-inaasahang Pagbubuntis

(<https://buntis.info/maagang-pagbubuntis>)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)